

Paano Harapin ang Pakikibaka Yugto 1

“8 Nang magkagayo'y dumating si Amalec, at nakipaglaban sa Israel sa Rephidim. 9 At sinabi ni Moises kay Josue, Ipili mo tayo ng mga lalake, at ikaw ay lumabas, lumaban ka kay Amalec; bukas ay tatayo ako sa taluktok ng burol, na aking tangan ang tungkod ng Dios sa aking kamay. 10 Gayon ginawa ni Josue, gaya ng sinabi ni Moises sa kaniya, at lumaban kay Amalec: at si Moises, si Aaron at si Hur ay sumampa sa taluktok ng burol. 11 At nangyari, pagka itinataas ni Moises ang kaniyang kamay, ay nananaig ang Israel: at pagka kaniyang ibinababa ang kaniyang kamay, ay nananaig si Amalec. 12 Datapuwa't ang mga kamay ni Moises ay nangalay; at sila'y kumuha ng isang bato, at inilagay sa ibaba, at kaniyang inupuan; at inalalayan ni Aaron at ni Hur ang kaniyang mga kamay, ang isa'y sa isang dako, at ang isa'y sa kabilang dako; at ang kaniyang mga kamay ay nalagi sa itaas hanggang sa paglubog ng araw. 13 At nilito ni Josue si Amalec, at ang kaniyang bayan, sa pamamagitan ng talim ng tabak. 14 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Isulat mo ito na pinakaalaala sa isang aklat, at ipagbigay alam mo kay Josue na aking ipalilimot ang pagalaala kay Amalec sa silong ng langit. 15 At nagtayo si Moises ng isang dambana, at pinanganlang Jehovanissi. 16 At kaniyang sinabi, Isinumpa ng Panginoon: ang Panginoon ay makikipagdigma kay Amalec sa buong panahon ng lahi nito.” (Exodu 17:8-16 KJV)

Ang mga pakikipagbaka ay darating sa ating buhay at ipahihintulot iyon ng Dios na mangyari para sa isang tiyak na layunin na nais ng Dios na makamit at mga aral na matutunan. Kaya't sa araw-araw ay hamon sa atin upang ipamuhay ang ating buhay sa Dios at manindigan at gawin ang tama at matuwid. Hindi ipinangako ng Dios sa atin na walang mga hamon o hindi tayo sa harapan sa mga hamon sapagkat ang gawa ng diablo ay magpapatuloy laban sa isa at sa bawat isa sa atin at laban sa Simbahan ng Dios ngunit dito sa mensaheng ito tuturuan tayo ng Dios kung paano makipagbaka at pagtagumpayan ang mga hamong ito.

Sa nasa itaas na hinirang na Banal na Kasulatan gaya ng ating binasa, mayroong pananakop at paglusob mula sa mga Amalekita patungo sa mga Israelita, na tumugon nang mabuti sa banta na iyon at matagumpay na naipasa ang hamong iyon sa pagmamasad sa sumusunod:

1. Harapin ang hamon sa pamamagitan ng pagpapahayag sa simbahan: Nang nakalapit ang mga Amalekita sa mga Israelita ang kalagayan ay nakaabot kay Moises, sa pagiging pinuno ay batid ang kalagayan. Sa anumang pakikibaka na iyong pinagdaraan ipaalam sa simbahan kung ano ang iyong pinagdaraan. *** Kapag ang kaaway ay lumusob sa kanino man sa atin, dapat batid ng simbahan ang tungkol dito. Hindi natin kayang lumabang mag-isa kundi kailangan nating lumaban bilang nagkakaisang pangkat, at gaya ng idirekta tayo ng Banal na Espiritu at ng Salita ng Dios. * Hindi dapat takasan ng simbahan ang pananagutan sa pagharap ng gayong mga hamon sapagkat ang suliranin ay hindi malulutas maliban kung harapin ito. Dapat nating matutunang harapin ang mga hamon at huwag takasan ang ating mga pananagutan. Kailangan nating dumaan sa krus at gawin ang kalooban ng Dios. Hindi dapat nating lampasan ang krus at ang hamon,**

2. Harapin ang hamon: “8 Nang magkagayo'y dumating si Amalec, at nakipaglaban sa Israel sa Rephidim.” (Exodu 17:8 KJV) Ang mga hamon at kaguluhan at darating sa ating buhay, at kailangan nating harapin sila at huwag tumigil o takasan ang hamon. **Huwag maging katulad ng ostrich na itatago ang kanyang ulo sa lupa kapag humarap sa mga banta.** Hinarap ng mga Israelita ng hamon ng Amalekita, sila'y yumaon at lumaban, at sila'y nagtagumpay. Ang mga Amalekita dito ay mga inapo ni Ham. Ang hamon na hinarap ng mga Israelita ay hindi madali, sila'y nasa ilang at walang tubig at sa mga dumating upang lusubon sila. Ang kanilang layunin ay pagnakawan sila at nakawin sa kanila ang kanilang nakuha mula sa Egipto. Sila'y dumating upang lusubin sila para handalangan sila sa pag-abot as kanilang mamanahing lupang pangako. Sila'y nanamantala sa kanila sapagkat sila'y dumating upang lusubin sila nang sila'y mahina, pagod at uhaw sa kawalan ng tubig at pagkakaroon ng mahihinang tao kasama nila. Sila'y dumating upang lusubin sila mula sa likuran, ang tagong bahagi nila; sa mga mahihina sa kanila gaya ng ating mahihinahuna mula sa **Deuteronio 25, “17 Alalahanin mo ang ginawa sa iyo ng Amalec sa daan nang ikaw ay lumabas sa Egipto; 18 Na kung paanong sinalubong ka niya sa daan, at sinaktan niya ang mga kahulihulihan sa iyo, yaong lahat na mahina sa hulihan mo, nang ikaw ay pagod at pagal; at siya'y hindi natakot sa Dios.” (Deuteronio 25:17-18 KJV)** **Kaya kahit na ikaw ay mahina ang kaaway ay hindi hihinto lumaban kaya't kailangan nating maging handa sa hamon.** Si Moises ay tumugon sa hamon gaya ng kanyang sinalita at inutusan si Josue. *** Gawin ang katulad, harapin ang hamon at huwag takasan, kahit a ikaw ay nasa masalimuot na kalagayn at kakulangan ng tiya na mahahalagang bagay, kundi magtiwala sa Panginoon; Bibigyang-daan Niya na magawa mo iyon at kaw ay magtatagumpay. * Tayo bilang isang simbahan ay gagawin ang katulad, tayo ay susulong at harapin ang mga hamon, at tayoy magtatagumpay gaya ng itinalaga ng Dios. Wala tayong magagawa kundi harapin dahil ang kaaway ay darating upang pumatay at magnakaw at manira at kailangan nating magpatuloy at labanan ang mabuting labanan upang maprotektahan ang ating sarili at gawin ang kalooban ng Diyos.**

3. Harapin ang hamon kasama ng matuwid na tao: “9 At sinabi ni Moises kay Josue, *Ipili mo tayo ng mga lalake, at ikaw ay lumabas, lumaban ka kay Amalec; bukas ay tatayo ako sa taluktok ng burol, na aking tangan ang tungkod ng Dios sa aking kamay.*” (Exodu 17:9 KJV) Sinalita ni Moises ang bagay kay Josue dahil ang siya ay katulong ni Moises, at siya ay ang taong may pananampalataya at may masunuring puso sa Panginoon at maari siyang umasa sa kanya sa ganoon. **Sa bawat pakikibaka mayroong matuwid na tao para sa tamang layunin na nais ng Dios sa iyo upang sabihan upang malutas ang suliranin.** Sa Bagong Testamento si Josue ay si Jesus, dahil dinala ni Josue ang mga tao sa lupang pangako gaya ng pagdadala ni Jesus sa atin ng walang hanggang buhay sa pamamagitan ng Kanyang dugo na ibinuhos sa krus upang patawarin ang ating mga kasalanan at bigyan tayo ng walang hanggang buhay. Kaya naman kapag tayo’y nanalangin lumalapit tayo sa Dios sa pangalan ni Jesus. **Kailangan nating makipagtulungan sa mga tao na pinagtitiwalaan natin sila at magtiwala sa kanilang katapatan sa Dios.** Sinabi ni Moises kay Josue, *“lumabas, lumaban ka kay Amalec;”*, dahil sinalakay nila ang Israel mula sa likuran at ngayon kailangan ni Josue na lumabas upang itulak sila at paalisin mula sa mahihinang tao, malayo sa mga kababaihan at sa mga bata at sa mga matatanda. **Sa parehong paraan walang tayong pagpipilian kundi lumabas at harapin ang kaaway at ipangaral ang Evangelio ni Jesus at lumaban ng mabuting pakikipaglaban upang iligtas ang ating sarili at ang mga mahihinang taong kasama natin.**

4. Harapin ang pakikipagbaka ng matatapat na tao: **Nais ng Dios sa atin na lapitan ang mga tapat at masunuring mga tao sa pagharap sa ating mga pakikibaka.** Nang sinalakay ng mga Amalekita ang mga Isarelita sinabi ni Moises kay Josue ang tungkol sa bagay at inutusan siya na gawin ang sumusunod, *“Ipili mo tayo ng mga lalake, at ikaw ay lumabas, lumaban ka kay Amalec;”* Tinawag tayo ng Dios upang makipagtulungan tayo sa matatapat na tao, na mga masunurin sa Panginoon at tapat patungo sa Kanyang Salita. Kailangan nating pumili ng tapat na mga tao, matapat at natatakot sa Dios, mayroong pasanin sa ministerio at sa paglilingkod sa Dios, puspos ng Banal na Espiritu at mayroong karunungan ng Dios at upang makipagtulungan sa ganoong uri ng mga tao sa paglilingkod sa Panginoon. Kung pipiliin mong makisabay sa mga tao ng pantas ngunit hindi tapat sa Dios, at ikaw ay umaasa sa kanilang kapangyarihan, o awtoridad o dahil sila’y pantas, sa gayon tiyak na hindi mo magagawang magtagumpay sa pakikibaka. Ang ganoong uri ng mga tao ginagamit nila ang maling mga paraan upang lutasin ang sulirain gaya ng panunuhol, pandaraya, pagsisinungaling o pandaraya at hindi ka pagpapalain ng Panginoon kung ang iyong landas ay lilihis sa ganoong mga paraan kundi ikaw ay magdurusa gaya ng Sinabi ng Salita ng Dios, *“20 Lumalakad ka na kasama ng mga pantas na tao, at ikaw ay magiging pantas; nguni’t ang kasama ng mga mangmang ay mapapariwara.”* (Kawikaan 13:20)

5. Harapin ang hamon ng may mahusay na pamamaraan: Nang may isang paglusob laban sa bayan ng Dios inutusan ni Moises si Josue na lumabas kasama ng piniling mga lalaki at labanan sila at siya ay pupunta sa tuktok ng bundok kasama si Aaron at Hur. Kaya’t nagpasya si Moises na harapin ang pakikibaka ng may dalawang koponan; ang isang koponan ay ang koponan ni Josue na lumabas ar humarap, at ang pangalawa ay si Moises at ang mga kasama niya na aakyat sa taluktok ng bundok upang manalangin. **Kaya sa parehong paraan iyon ang ating magiging mahusay na paraan, isang bahagi sa atin ang lalabas at haharap sa hamon at ang ibang bahagi ay magiging may pananagutan upang patuloy na manalangin.** Nanalangin tayo at nagtutulongan sa isa’t isa sa pananalangin.

6. Harapin ang pakikibaka ng may kalinawan: **Kung ikaw ay dumadaan sa pakikibaka at ang simbahan ay wala kaming alam sa anumang bagay tungkol doon sa gayon paano ka namin ipapanalangin, at paano ka makakakuha ng tamang payo.** Ito ngayon ay nagpapakita ng kahalagahan ng pag-uulat at pagbibigay ng mga pagbabago. Makikita mo dito si Josue ay ginawa ang payo mula kay Moises kung paanong harapin ang hamon sa pagpili sa mga lalaki, at ginawa ni Josue ang sinabi sa kanya na labanan ang Amalek. Kaya dito ay may utos na nanggaling mula sa simbahan, bilang pagbibigay ni Moises ng utos kay Josue at mga paraan kung paanong labanan ang mga Amalekita. Kaya ang kalinawan ay mahalaga upang ang simbahan ay maaring magbigay ng tamang payo.

7. Harapin ang pakikibaka sa pagtataas ng iyong mga kamay sa luklukan ng Dios: Sinabi ni Moises kay Josue, *“bukas ay tatayo ako sa taluktok ng burol, na aking tangan ang tungkod ng Dios sa aking kamay.”* Hinaharap natin ang pakikibaka sa pamamagitan ng panalangin. Tayo ay lalabas at haharapin ang pakikibaka, pati na rin tayo ay uupo at mananalangin. Ang ilan ay lalabas at haharapin ang pakikibaka, habang ang iba ay tutulongan sila sa pananalangin at pag-aayuno. Ang Salita ng Dios ay itinuturo sa atin ang sumusunod, *“Magsilapit nga tayong may pagkakatiwala sa luklukan ng biyaya, upang tayo’y magsipagtamo ng awa, at mangakasumpong ng biyaya upang tumulong sa atin sa panahon ng pangangailangan.”* (Hebreo 4:16 KJV) Sa parehong paraan kailangan nating itaas ang ating mga kamay sa Dios sa pananalangin upang tulungan ang ating mga kapatid na nakikipaglaban sa labanan ng Panginoon.

8. Harapin ang pakikibaka sa pamamagitan ng panghihikayat sa iba: Hindi lamang inutusan ni Moises si Josue na gawin kundi hinikayat din niya siya nang ipinangako niya na habang siya’y nakikipaglaban sa mga Amalekita magiging kasama niya sina Aaron at Hur sa taluktok ng bundok, upang tulungan siya sa pananalangin

sa Dios. Sa parehong paraan ibibigay natin ang mga tagubilin at payo at hihikayatin ang mga tao na tutulungan natin sila sa pananalangin habang sila'y nasa labanan, at sa ganoong paraan sila'y aalalayan ng mabuti.

9. Harapin ang pakikibaka ng kapangyarihan ng Dios: Sinabi ni Moises kay Josue ag tungkol sa tungkod ng Dios, *“ang tungkod ng Dios sa aking kamay.”* Iyong ang kaparehong tungkod na itinaon ni Moises at naging ahas at kinain ang ibang mga ahas na ginawa ng mga mahiko ng Egipto, at sa paghahati ng dagat na pula sa paghahanda ng daan para sa mga Israelita upang makaligtas. Ang kahulugan ng sinabi ni Moises, *“ang tungkod ng Dios sa aking kamay.”* na umaasa si Moises sa kapangyarihan ng Dios. At dito ngayon mayroon tayong Banal na Espiritu na ibinigay sa atin ng Panginoon at kailangan nating umasa sa Banal na Espiritu sa lahat ng ating mga pakikibaka. * **Ang Banal na Espiritu ay ang Dios, at habang puspos tayo ng Banal na Espiritu sa gayon ang Dios ay sumasa atin, at lubos tayong umaasa sa Kanya habang humaharap tayo sa pakikibaka kasama ng Dios Ama, Dios Anak, at Dios ang Banal na Espiritu, * Kaya't “ang tungkod ng Dios” ay kapangyarihan ng Dios sa ating buhay at kapag tayo'y nanalangin sa gayon tayo ay umaasa sa kapangyarihan ng Dios sa Banal na Espiritu sa ating buhay; sapagkat wala tayong maasahan sa ating kapangyarihan, mapagkukunan, ang ating mga kakayahan o ang ating mga bilang upang harapin ang mga hamon. * Kahit na mayroon tayong maraming mapagkukunan, salapi, wala tayong maasahan sa lahat ng iyon, ngunit kailangan nating umasa sa presensya ng kapangyarihan ng Dios sa ating buhay, at sa kapangyarihan ng Dios ang Banal na Espiritu**

10. Harapin ang pakikibaka at magtagumpay sa pagsunod sa mga tagubilin: *“10 Gayon ginawa ni Josue, gaya ng sinabi ni Moises sa kaniya, at lumaban kay Amalec: at si Moises, si Aaron at si Hur ay sumampa sa taluktok ng burol.” (Exodu 17:10 KJV)* Madaling ginawa ni Josue ang tagubilin ni Moises sa kanya sa pagkilos. Ginawa niya ito ng tiyak at kaagad kinabukasan. Habang si Moises, Aaron at Hur ay umakyat sa taluktok ng bundok para manalangin ; ang unang koponan ay lumabas upang makipaglaban at ang pangalawang koponan ay umakyat sa talukto ng bundok.

11. Harapin ang pakikibaka ng may patuloy na pag-uulat: Bakit? umakyat sila sa taluktok ng bundok? Malamang ay upang makita nang maliwanag ang labanan. Gaya ng ating sinalita, may dalawang koponan, isang koponan ang lalabas at makikiharap, at ang isang kopona ay tutulong sa pananalangin. Ngunit ang mga nanalangin ay dapat malaman kung anong nangyayari at ano ang kalagayan at ang pag-unlad. **Pagkatapos nating malaman ang sulirain at pagkatapos nating ibigay ang soulsyon, at ang isang pangkat ay lalabas upang harapin ang suliranin, at ang ibang pangkat ay magsisimulang manalangin, na ang pangkat na iyon ay dapat malaman ang detalye ng mga pangyayari na nagaganap at ang pagsulong sa paglutas ng isyung ito o kung may iba pang balakid upang malaman nila kung anong ipapanalangin.** Sa salata 11 pinagtibay ito sa ating sinasabi dito, *“At nangyari, pagka itinataas ni Moises ang kaniyang kamay, ay nananaig ang Israel: at pagka kaniyang ibinababa ang kaniyang kamay, ay nananaig si Amalec.”* Pinagmasdan iyon ni Moises sa kanyang panalangin ay pagtulong kay Josue, kaya ito ay sapilitan para sa panalangin ay mapanatili. **Kaya dito mapapagpasyahan din natin ang kahalagahan ng patuloy na pag-uulat. Gayundin, mapapagpasyahan natin na ang tagumpay ay hindi nakasalalay sa pakikipaglaban ni Josue kundi sa presensya ng Dios sa buhay ng Kanyang bayan. Sa parehong paraan kailangan nating panatilihin ang ating panalangin at pag-aayuno para sa tagumpay upang makamit.**

12. Harapin ang pakikibaka at magtagumpay sa patuloy na panalangin: *“11 At nangyari, pagka itinataas ni Moises ang kaniyang kamay, ay nananaig ang Israel: at pagka kaniyang ibinababa ang kaniyang kamay, ay nananaig si Amalec.” (Exodu 17:11)* Kailangan mong may kamalayan at magpatuloy sa panalangin, kahit na ang mga bagay ay nagiging mabuti; patuloy na manalangin dahil ang paglusob ay hindi pa natatapos at ito'y magpapatuloy dahil ang ating kaaway ang diablo na nagpapatuloy na lusubin tayo hanggang ang Panginoon ay dumating at kunin tayo kasama Niya. Kaya, kahit sa panahon ng kapayapaan mapagkilala at patuloy na manalangin upang ang kaaway ay hindi magawang manaig muli, Kaya't *“17 Magsipanalangin kayong walang patid;” (1 Tesalonica 5:17)* at gaya ng mababasa natin dito, *“18 Na magsipanalangin kayo sa Espiritu ng lahat ng panalangin at daing sa buong panahon, at mangagpuyat sa buong katiyagaan at daing na patungkol sa lahat ng mga banal, 19 At sa akin, upang ako'y pagkalooban ng pananalita sa pagbubuka ng aking bibig, upang ipakilalang may katapangan ang hiwaga ng evangelio.” (Epeso 6:18-19)* Si Moises ay nanalangin sa pagtataas ng kanyang mga kamay at ang kanyang dambana ay si Jehovanissi, *“15 At nagtayo si Moises ng isang dambana, at pinanganlang Jehovanissi.” (Exodu 17:15)* Ang ating dambana ay si Jehovanissi. Nang ang mga tao ay may malaking pamamahayag, itinataas nila ang kanilang mga dambana, ang dambana ay nakasulat sa papel o sa isang damit, at sa hulihan nito ay nakadikit ang dalawang tungkod, isa mula sa bawat panig, at kaya sa pamamagitan ng dalawang tungkod na ito, itataas ng mga tao ang dambana. Kaya dito si Moises sa pagtataas ng kanyang dalawang kamay itinataas niya ang dambana na ang kanilang tagumpay ay mula sa Dios lamang, ang ating Dios, ang Ama, ang Banal na Espiritu, at ating Panginoong JesuCrsto. Ang katulad ay ating dambana, ang ating kapangyarihan at ang ating tagumpay. **Ngayon tayo bilang simbahan ito ang ating dambana' hindi tayo umaasa sa ating karunungan o sa ating mapagkukunan kundi umaasa tayo sa kapangyarihan ng Dios, sa Salita ng Dios, at sa direksyon, sa mga tagubilin at sa pahayag ng Banal na Espiritu na ibinibigay sa atin sa kung anong kailangan nating gawin.**

Ang ilang mga tao, sinasabi nila na tayo’y nanalangin at ang mga bagay ay hindi nagiging maayos bakit pa tayo mananalangin? Ngunit ang mga bagay dito ay na kung walang pananalangin ang mga pakikipaglaban ay mas magiging mas malala pa. **Ang ating patuloy na pananalangin ay napakahalaga, minsan hindi natin nakikita ang epekto ng ating mga panalangin nang sabay-sabay ngunit sa kalaunan ay magiging malinaw ang epekto. Nawa ang epekto ng ating pananalangin ay umabot sa ating mga anak at sa susunod na salinlahi.** Sinulat ni Moises, **“16 At kaniyang sinabi, Isinumpa ng Panginoon: ang Panginoon ay makikipagdigma kay Amalec sa buong panahon ng lahi nito.” (Exodu 17:16)** Ang epekto ng pananalangin ni Moises ay pinaabot sa maraming ibang salinlahi. **Ang katulad sa atin ang epekto ng ating patuloy na pananalangin ay aabot sa susunod na mga salinlahi.**

Ang pakikibaka ay maaring ito’y patuloy na suliranin tulad sa pananalapi, pagtatalo ng mga tao, mga isyu sa trabaho, mga pakikibaka ng pamilya, lupain o pagsasaayos ng mga ari-arian, atbp, at ito’y magpapatuloy sa mahabang panahon. Narito ang mensahe ay tutulungan tayo at ipinakita sa atin kung paano harapin ang pakikibaka at pagtagumpayan habang tayo’y nagpapatuloy sa napiling talata sa **Exodu 17:8-16**.

13. Harapin ang pakikibaka na nagkakaisa: Tulad ng nakikita natin dito na may dalawang koponan na nagkakaisa, ang koponan ni Josue at ang koponan ni Moises. Napakahalaga ng pagkakaisa para sa tagumpay. Ang pagkakaisa sa simbahan ay dapat na nagkakaisa sa Salita ng Diyos, at nagkakaisa sa paggawa ng kalooban at layunin ng Diyos.

14. Harapin ang pakikibaka ng may kahandaan: Si Moises ay handang magpatuloy sa pananalangin: Kahit na siya ay pagod gumawa ng daan ang Dios para sa kanya na umupo sa isang bato at ang dalawa ay inilalayan ang kanyang mga kamay. Gumawa ng daan ang Dios dahil handa si Moises. **Ang mapapagpasyahan natin dito na kung gusto mong sumunod sa tagubilin ng Dios sa gayon ang Dios ang gagawa ng daan para sa iyo na magpatuloy na sumunod sa Kanya at maligtas.**

15. Harapin ang pakikibaka ng may pagtitiis: Ang Salita ng Dios ay nagsasabi sa atin tungkol kay Moises na **at ang kaniyang mga kamay ay nalagi sa itaas hanggang sa paglubog ng araw.”** Para sa tiyak na mga pakikibaka na iyong haharapin sa iyong buhay, o haharapin ng simbahan, ang pagtitiis ay kinakailangan hanggang sa matapos ang paglusob. Minsan natatalo tayo sa mga labanan dahil hindi tayo nagtitiis hanggang sa huli. Kaya’t gaya ng pananatili ng mga kamay ni Moises na nalagi ay kailangan nating magpatuloy na maging mamalagi sa ating laban hanggang tayo’y manaig sa labanan. Ang Salita ng Dios ay nagsasabi sa atin ng sumusunod: **“10 Huwag mong katakutan ang mga bagay na iyong malapit ng tüsin: narito, malapit ng ilagay ng diablo ang ilan sa inyo sa bilangguan, upang kayo’y masubok; at magkakaroon kayo ng kapighatiang sangpung araw. Magtapat ka hanggang sa kamatayan, at bibigyan kita ng putong ng buhay.” (Pahayag 2 :10 KJV)** May mga pagkakataon na ang labanan ay nangangalit ngunit kailangan nating magtiis hanggang wakas. Pagkatapos naming manaig sa gayon ay maaari na tayong magpahinga at magpalakas.

16. Harapin ang pakikibaka ng may pagkakapareho: Kailangan ang pagkakaparepareho sa ating buhay Cristiano. May mga tao ngayon na mainit at aktibo at bukas ay malamig at hindi aktibo. O ngayon sila ay sariwa at masigla at bukas sila ay bigo, nalulumbay at pinanghihinaan ng loob. **Ang isang bagay na dapat mong malaman at ingatan: Huwag pahintulutan ang mga kalagayan at pangyayari ang magkontrol sa iyo at manipulahin ang iyong buhay, at huwag sumabay sa iyong damdamin o sa nararamdaman ng iyong puso, o ng realidad ng buhay; hindi ito makakatulong sa iyo na magtagumpay. Ipako ang iyong apg-iisip sa Dios at sa Kanyang Salita at sa Kanyang mga pangako at lumakad sa pananampalataya sa Kanyang mga daan at tiyak ikaw ay magtatagumpay.**

17. Harapin ang pakikibaka ng may pagkakaisa, pagkakasundo at kooperasyon pagtutulongan sa isa’t isa: **“12 Datapuwa’t ang mga kamay ni Moises ay nangalay; at sila’y kumuha ng isang bato, at inilagay sa ibaba, at kaniyang inupuan; at inalalayan ni Aaron at ni Hur ang kaniyang mga kamay, ang isa’y sa isang dako, at ang isa’y sa kabilang dako; at ang kaniyang mga kamay ay nalagi sa itaas hanggang sa paglubog ng araw.” (Exodu 17 :12)** Ang isang taong gumagawa ng buong gawain ay napagod at nangangailangan siya tulong. Ang parehong taong nanalangin, nag-aayuno, naglilingkod, gumagawa at naglilingkod ay napapagod at siya’y nagangailangan ng tulong. **Kailangan nating magtulongan sa isa’t isa.** Si Aaron at Hur nang nakita nila ang mga kamay ni Moises ay naging mabigat sila’y nagkusa; kinuha nila ang isang bato at inilagay sa ibaba niya at pinaupo siya doon. **Dapat may isang solusyon. Ang presensya ng simbahn ay upang magbigay ng mga lunas at tagubilin kung paano mapagtagumpayan ang mga kahirapan.** Kasama ni Moises si Aaron, na kanyang kapatid at tapat sa kanya, at kasama din niya si Hur, na sinabi ng Judio na asawa ni Mariam na kanyang kapatid na babae. Ito ay hindi nakasulat sa Biblia, ngunit maari natinn kunin bilang isang impormasyon sa kasaysayan, ngunit ang layunin nito na ang mga naglilingkod na kasama natin ay kailangang kilala sila sa pagiging tapat at matapat upang ang ministerio ay pagpalain at ang Panginoon ay mapapasa ministering ito. Nang si Moises ay napagod, kumuha sila ng isang bato at inilagay sa ibaba niya at pinaupo siya doon, at inilalayan nila ang kanyang mga kamay upang manatiling nakataas, isa sa kabilang banda at ang iba sa kabilang banda. Kaya ang kanyang dalawang kamay ay nalagi sa itaas hanggang sa paglubog ng araw. * **Kailangan mong kunin ang pagkukusa**

kailangan natin ng suporta, kailangan ng simbahan ang suporta, kailangan ko ng suporta, upang maglalaan tayo ng kaunting pagsisikap, at para sa ministerio na magpatuloy at magtagumpay, at para sa atin ay manaig sa digmaan, * Ako'y nanalangin para sa mga taong katulad ni Aaron at Hur na lumapit at alalayan ang gawain ng Dios. Hinayaan nila si Moises na maupo sa isang bato at sila'y nakatayo, ang mga kamay ni Moises ay nakataas, ngunit hindi niya kailangan ng kalamnan upang panatilihin nakataas, sapagkat nang itinaas niya ang kanyang mga kamay, si Aaron at Hur mula sa dalawang panig ay inilalayan si Moises at tinulungan siya upang panatilihin ang kanyang mga kamay na nakataas sa lulukan ng Dios. Kaya't may isang taong nakaupo at nakapahinga at may dalawang tao nakatayo at gayundin sila'y nakapahinga. Dapat tayong maglingkod sa isang paraan na kahit sa paggawa sa ministerio tayo ay nakapahinga. At ito ang kagandahan sa paglilingkod sa Panginoon. Iyan ay kung gaano kaganda ang simbahan na gumagawa alinsunod sa Salita ng Dios, alinsunod sa kalooban ng Dios at alinsunod sa mga tagubilin ng Banal na Espiritu. Sa ganoong paraan, ang simbahan ay gumagawa at walang kapaguran. Gaya ng ating nakikita dito na ang dalawang mga kamay ni Moises ay nakalagi hanggang sa paglubog ng araw at ang panalangin ay nagpatuloy hanggang magapi ni Josue ang mga Amalekita, **“13 At nilito ni Josue si Amalec, at ang kaniyang bayan, sa pamamagitan ng talim ng tabak.” (Exodu 17:13 KJV)** Ang tabak dito para sa atin ay ang tabak ng Banal na Espiritu na kung saan ang Salita ng Dios. Magagawang manindigan ng simbahan kapag ginagawa ang kalooban ng Dios.; Ginawa ni Josue ang kalooban ng Dios at tinutulungan ni Moises sa panalangin. * Ang simbahan ay makakayang tumulong sa panalangin, tulungan sa pagtulong at pag-alalay, tulungan sa pag-aayuno, at tulungan sa pagbibigay ng mga payo upang manaig sa labanan. * Bilang isang simbahan dapat gawin ng lahat ng kanyang pananagutan patungo sa Dios at ang kanyang ambag sa simbahan, ang katawan ni Cristo. Ang saloobin ng pagdadala sa bawat isang pasanin at pagkakaisa ay dapat naroroon. **“2 Mangagdalahan kayo ng mga pasanin ng isa't isa, at tuparin ninyong gayon ang kautusan ni Cristo.” (Galacia 6 :2 KJV)** Pati na rin ang Salita ng Dios ay nagtuturo sa atin ng sumusunod: **“12 Sapagka't kung paanong ang katawan ay iisa, at mayroong maraming mga sangkap, at ang lahat ng mga sangkap ng katawan, bagama't marami, ay iisang katawan; gayon din naman si Cristo. 13 Sapagka't sa isang Espiritu ay binabautismuhan tayong lahat sa isang katawan, maging tayo'y Judio o Griego, maging mga alipin o mga laya; at tayong lahat ay pinainom sa isang Espiritu. 14 Sapagka't ang katawan ay hindi iisang sangkap, kundi marami. 15 Kung sasabihin ng paa, Sapagka't hindi ako kamay, ay hindi ako sa katawan; hindi nga dahil dito'y hindi sa katawan. 16 At kung sasabihin ng tainga, Sapagka't hindi ako mata, ay hindi ako sa katawan; hindi nga dahil dito'y hindi sa katawan. 17 Kung ang buong katawan ay pawang mata, saan naroroon ang pakinig? Kung ang lahat ay pawang pakinig, saan naroroon ang pangamoy. 18 Datapuwa't ngayoy inilagay ng Dios ang bawa't isa sa mga sangkap ng katawan, ayon sa kaniyang minagaling. 19 At kung ang lahat nga'y pawang isang sangkap, saan naroroon ang katawan? 20 Datapuwa't maraming mga sangkap nga, nguni't iisa ang katawan. 21 At hindi makapagsasabi ang mata sa kamay, Hindi kita kinakailangan: at hindi rin ang ulo sa mga paa, Hindi ko kayo kailangan. 22 Hindi, kundi lalo pang kailangan yaong mga sangkap ng katawan na wari'y lalong mahihina: 23 At yaong mga sangkap ng katawan, na inaakala nating kakaunti ang kapurihan, sa mga ito ipinagkakaloob natin ang lalong saganang papuri; at ang mga sangkap nating mga pangit ay siyang may lalong saganang kagandahan; 24 Yamang ang mga sangkap nating magaganda ay walang kailangan: datapuwa't hinusay ng Dios ang katawan na binigyan ng lalong saganang puri yaong sangkap na may kakulangan; 25 Upang huwag magkaroon ng pagkakabahabahi sa katawan; kundi ang mga sangkap ay mangagkaroon ng magkasing-isang pag-iingat sa isa't isa. 26 At kung ang isang sangkap ay nagdaramdam, ang lahat ng mga sangkap ay nangagadaramdam na kasama niya; o kung ang isang sangkap ay nagkakatapuri, ang lahat ng mga sangkap ay nangagagalak na kasama niya. 27 Kayo nga ang katawan ni Cristo, at bawa't isa'y samasamang mga sangkap niya.” (1 Corinto 12:12-27 KJV)** Dinadala natin ang iba't ibang mga kaloob ng Banal na Espiritu samakatuwid kailangan nating magpatuloy na maglingkod sa Dios sa paggamit ng mga kaloob ng Banal na Espiritu, upang tumulong at alalayan at magmalasakit sa isa't isa. **Bilang inilagay ka sa simbahan. Gamitin ang mga kaloob ng Banal na Espiritu upang paglingkuran ang Dios at gawin ang gawain ng Dios, upang ang simbahan ay lumago at susulong at magtatagumpay sa mga pakikibaka.**

18. Harapin ang pakikibaka sa ganitong paraan ba pagkatapos magtagumpay sa pakikibaka ay isulat ang iyong patotoo upang hikayatin ang iba: “14 t sinabi ng Panginoon kay Moises, Isulat mo ito na pinakaalaala sa isang aklat, at ipagbigay alam mo sa mga tenga ni Josue na aking ipalilimot ang pagalaala kay Amalec sa silong ng langit.” (Exodu 17:14 KJV) Inutusan ng Dios si Moises na isulat ang nangyari upang maalala, upang ang susunod na salinlahi ay b asahin at malaman ang mga daan ng Panginoon at kung paano nila hinarap at napagtagumpayan ang mga pakikibaka sa kanilang buhay. Hindi lamang isinulat ito ni Moises para kay Josue upang balikan ito upang siya'y mahikayat, kundi pati na rin para sa susunod na salinlahi at para sa atin ngayon upang mahikayat at maturuan kung paano natin gagawin ang mga pakikipaglaban ng Panginoon. **Na mababatid natin na may lunas at may pag-asa at ang daan ay ipinapakita sa atin ng Banal na Kasulatan. Kahit na tayo ay nabubuhay sa gitna ng mga higante at sa mga tao na ang kanilang hugis ay mas malaki kaysa sa atin, kahit maging sa materyal at pisikal sila'y mas mataas sa atin, ngunit maaari pa rin nating pagtagumpayan ang mga ito tulad ng inilarawan natin at natutunan natin sa mensaheng ito. Kaya naman sinabi ng Dios kay Moises na isulat ito sa isang aklat, upang maalala, at ipagbigay alam ito sa mga tenga ni Josue upang hikayatin siya na lubos na ipalilimot ang pagalala ng mga Amalec mula sa silong ng langit. Sa parehong paraan kailangan nating ipagbigay**

alam ang Salita ng Dios sa mga tenga ng ating mga anak, alagad, at ng ating mga manggagawa, na ang susunod na salinlahi na sila'y darating pagkatapos natin. Iyon ay upang ibigay sa kanila ang mga aral mula sa Salita ng Diyos na ang naturang isyu ay malulutas sa mga sumusunod na paraan gaya ng nakasulat dito tungkol sa isyung ito sa talatang ito ng Bibliya. Ipinangako ng Dios dito na gagawin niya **“ipalilimot ang pagalaala kay Amalec sa silong ng langit.”** Ipinangako iyon ng Dios na sa anumang laki ng anyo ng gawa ng diablo laban sa atin at laban sa simbahan, at laban sa indibidwal na mga kasapi at laban sa mga pamilya, na ipalilimot Niya ang gawa ng diablo mula sa harapan natin; na habang tayo nagpapatuloy at harapin ang gawa ng diablo at habang tayo'y nagpapatuloy sa pananalangin at pag-aayuno sa gayon ang gawa ng diablo ay lubos na mawawasak. Kahit na ang gawa ng diablo ay mawala ito'y magbabalik na muli, kaya naman kailangan nating magpatuloy na manalangin at magpatuloy na tumalima sa parehong mga alintuntunin na ating natutunan, na kailangan nating maging handa upang harapin; **mayroong isang pangkat tulad ni Josue na yayaon at haharap, at ang isang pangkat gay ani Moises, Aaron at Hur na naninindigang matatag, nakikinig at nagmamasid sa mga pagbabago at sa bagong mga pangyayari at mananalangin upang maalalayan nila ang koponan ni Josue, ang mga alagad, ang ating mga kapatiran at ang mga manggagawa na nasa unahan upang harapin ang mga hamon.**

“15 At nagtayo si Moises ng isang dambana, at pinanganlang Jehovanissi. 16 At kaniyang sinabi, Isinumpa ng Panginoon: ang Panginoon ay makikipagdigma kay Amalec sa buong panahon ng lahi nito.” (Exodu 17:15-16 KJV) Ang kahulugan ng Jehovanissi ay na ang Dios ang ating dambana, Nawa ang mensaheng ito, ang sermon na ito at ang totoong salaysay mula sa Bibliya ay maging isang aral sa atin na itinuturo sa atin na ang Panginoon ay nasa sa atin, at siya ang makikipagtunggali para sa atin, at siya ang lilipul sa lahat ng mga kadena na pumipigil sa atin at Siya ang lalaban sa Amalec, ang ating mga kaaway mula sa salinlahi hanggang sa salinlahi, hanggang sa katapusan kapag ang diablo ay itinaon sa dagat-dagatang apoy at asupre sa pagparito ng Panginoong JesuCristo. Kaya kailangan nating magpatuloy mamalagi na gawin ang kalooban ng Dios at gawin alinsunod sa mga tagunilin ng Banal na Espiritu.

Sa aking Mahal at Minamahal: Sinabi ng Dios kay Moises **“at ipagbigay alam mo kay Josue:”** Si Josue ang isa sa nakapasok at inakay ang mga tao sa lupang pangako. At tayo ang salinlahi ni Josue na papasok sa lupang pangako, ang walang hanggang buhay na mayroon tayo kay Crsto Jesus na ating Panginoon, at tayo ang isa sa mag-aakay sa iba na makapasok sa walang hanggang buhay. Kaya pakinggan natin ang mensahe at isagawa ito, sa pagtatagumpay sa ating mga pakikibaka at sa pagkamit sa Dios sa kung anong nais Niya sa atin na makamit para sa Kanyang kaluwalhatian,

Bilang isang simbahan kailangan nating magkaisa, kailangan nating gawin ang kalooban ng Dios, kailangan nating sumulong at tulongan ang pagsulong ng gawin ng Dios : kailangan nating sumunod sa Salita ng Dios at sa mga tagubilin ng Banal na Espiritu at kailangan nating alalayan ang isa't isa.

Ang aking Panalangin : Amang Dios sa Langit, Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat sa iyong pagpapaalala sa akin ng iyong mga daan upang malaman ko kung paano harapin ang mga pakikibaka sa aking buhay.

Ibigay ang pakikibaka na iyong hinaharap ngayon sa kamay ng Dios. Panginoon hinihiling ko na tulongan mo ako sa pagharap sa sumusunod na pakikibaka _____.

Ipangako ang iyong sarili sa mga alintuntunin na iyong natutunan mula sa mensahe. Ipangako ang iyong sarili na lumapit ipagbigay alam sa simbahan ang iyong suliranin upang mapayuhan at tanggapin ang mga payo at maalalayan sa pananalangin at pag-aayuno, at ang Salita ng Dios na mga sandata ng simbahan ngayon, sa karagdagan sa pangalan ni Jesus at sa dugo ni Jesus at sa pagpupuri sa Kanya na ating Dios. Ipangako ang iyong sarili na lumapit at gawin ang gawain ng Dios at alalayan ang mga ministerio ng simbahan.

Ipahayag at talikdan ang iyong mga kasalanan sa Dios. Talikdan ang kasalanan ng pagkamakasariili at walang kahandaan ni harapin ang pakikibaka o magdusa para sa iba. Talikdan ang kasalanan ng kawalan ng pakikipagkaisa, at walang kagustuhang maglingkod at mag-ambag sa mga kailangan ng simbahan. Talikdan ang kasalanan ng kawalan ng kalinawan at walang kagustuhan na mag-ulat kung anong nangyayari sa iyong buhay. Panginoon patawarin mo ako, Ako'y nagsisisi at tinatalikdan ang mga sumusunod na mga kasalanan _____.

Panginoon tinanggap ko ang hamon na nauna mong inilagay sa akin nang ako'y iyong tinawag upang paglingkuran ka at ipamuhay ang aking buhay sa iyo. Panginoon buhayin mong muli ang apoy ng Banal na Espiritu na nasa akin upang paglingkuran ka. Panginoon tulongan ako na magtiis sa pananalangin, at itatag ang aking pananampalatay sa iyong salita at sa iyong mga daan, Panginoon ipinangako ko aking sarili at handa akong mag-ambag sa simbahan, ang iyong katawan, sa anumang paraan at upang akayin ang iba na lumakad sa iyong mga landas, upang magkaroon ng walang hanggan kay Cristo Jesus na ating Panginoon.

Panginoon ipinangako ko ang sking sarili na mamalagi sa panalangin at lubos na umasa sa Banal na Espirit. Panginoon itinataas ko ang aking mga kamay sa iyo, itaas mo ako Panginoon ng iyong biyaya at lumaban ka para sa akin, ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.

Panginoon ako'y nagpapasalamat para sa lahat ng mga kapatid at kapatid na babae na ipinangako ang kanilang buhay sa iyo at sa mga alintuntunin na kanilang natutunan sa mensaheng ito. Panginoon puspusin silang muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa kanila ang mga kaloob na espirituwal na kailangan nilang yumaon upang paglingkuran ka. Panginoon protektahan sila at gabayan sila, at patuloy na ibigay ang kanilang pangangailangan upang magpatuloy silang maglingkod sa iyo.

Panginoon pagpalain kami bilang isan simbahan, protektahan mo kami, at labanan ang labanan para sa amin at tuparin ang lahat ng iyong ipinangako sa pag-aalis ng lahat ng gawain ng diablo na darating laban sa atim. Nilalabanan namin ang lahat ng gawa ng diablo at sinasaway ito sa pangalan ni Jesus, Panginoon ipinangako namin ang aming sarili na turuan ang aming mga anak at alagad tungkol sa nakikita namin sa mga kagilalang nagawa mo as aming buhay. Panginoon manguna ka sa amin at patagin ang mga bundok at bigyangdaan kaming harapin ang mga pakikibaka at hamon. Panginoon puspusin kaming mui ng Banal na Espiritu at ibigay sa atin ang mga espirituwal na kaloob upang pumaroon at mag evangelio at gumawa ng mga disipulo at sanayin ang mga bagong manggagawa upang magtanim ng mga bagong pag aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon hayaan ang pananaw na ibinigay mo sa iyong simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios' upang matupad. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaing lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Paano Harapin ang Pakikibaka Yugto 1. Exodu 17:8-16. Deutronomio 25:17-18. Kawikaan 13:20. Hebreo 4:16. 1 Tesalonica 5:17. Epeso 6:18-19. Pahayag 2:10. Galacia 6:2. 1 Corinto 12:12-27.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com